**Maikling Buod ng Unang Ulat sa Vulnerable Workers Project: Ang mga Sesyon sa Pakikinig**

## Kaalaman

Noong Oktubre 14, 2009, itinatag ni Pangulong Obama ang White House Initiative on Asian Americans and Pacific Islanders (WHIAAPI) sa pamamagitan ng Executive Order 13515. Pinapahusay ng WHIAAPI ang kalidad ng buhay at ang mga pagkakataon para sa mga komunidad ng Asian American and Pacific Islander (AAPI) at pinapalakas ang kanilang daan sa mga programa ng pamahalaan pederal kung saan hindi gaanong napaglilingkuran ang mga AAPI. Noong 2014, ang U.S. Departments of Justice and Labor, ang Equal Employment Opportunity Commission at ang National Labor Relations Board ay inilunsad ang Vulnerable Workers Project. Sa tulong ng WHIAAPI, layunin ng Proyekto na: 1) kumalap ng impormasyon tungkol sa mga hamon na hinaharap ng mga manggagawang AAPI sa mga industriyang mapanganib at mababa ang sahod; 2) turuan ang mga komunidad ng AAPI tungkol sa kanilang mga karapatan sa pamahalaan tungkol sa trabaho at paggawa; at 3) gamitin ang impormasyong natutuhan mula sa mga sesyon upang mapahusay ang daan ng mga mahihinang manggagawa sa mga ahensiya. Itinataguyod din ng proyekto na mayroong "Walang Maling Pinto" sa pagkuha ng mga serbisyo ng gobyerno: ang isang manggagawa na makikipag-ugnayan sa alinman sa mga ahensiya ng pamahalaan ay dapat pagkalooban ng wastong mga serbisyo at, kung kailangan, ituro sa naaangkop na ahensiya.

Habang ang pinagsamang mga datos sa mga manggagawang AAPI ay nagpapakita ng mataas na bilang ng trabaho at mga sahod na mataas sa karaniwan, may malaking kaibahan sa loob ng mga komunidad ng AAPI kaugnay sa kawalan ng trabaho, diskriminasyon sa trabaho, antas ng kahirapan at kahusayan sa wika. Halimbawa, ang pangkalahatang antas ng kahirapan sa AAPI ay 13.2 porsiyento, ngunit ang ibang mga komunidad ng AAPI ay may antas ng kahirapan na doble dito.[1] Bilang karagdagan, sa isang Gallup poll, halos isangkatlo ng mga AAPI na siniyasat ay nag-ulat ng mga insidente ng diskriminasyon sa trabaho, ang pinakamalaki sa anumang grupong katutubo.[2]

## Mga Sesyon sa Pakikinig

Mula Agosto 2014 hanggang Hunyo 2015, nagsagawa ang mga ahensiya ng anim na sesyon sa pakikinig sa buong bansa, na nakatuon sa mga lugar na maraming manggagawang AAPI: New York City, Houston, Los Angeles, Washington DC, Minneapolis/St Paul at Jersey City. Sa tulong ng mga lokal na nagtataguyod, at sa ilang mga lokasyon, mga serbisyo sa pagsasalin-wika, hinarap ng mga kinatawan ng mga ahensiya ng pamahalaan ang iba't-ibang mga grupo ng mga manggagawang AAPI. Kasama sa mga sesyon sa pakikinig ang mga manggagawa mula ilang mga komunidad ng AAPI, kabilang ang mga grupo mula sa Silangang Asya, Timog Asya, Timog-Silangang Asya, at Pacific Islander.

Ang mga sesyon sa pakikinig ay sinimulan sa maiikling presentasyon ng bawat ahensiya, kung saan binigyang-diin ng mga kinatawan ng gobyerno ang pangako ng kanilang mga ahensiya na

---

[1] 2012 American Community Survey http://factfinder.census.gov

[2] https://www.whitehouse.gov/administration/eop/aapi/data/critical-issues

magiging mas madaling mapuntahan ng mga manggagawang AAPI at magtatalaga sa mga komunidad ng AAPI ng mga kinatawan ng ahensiya na may kakayahang na umaayon sa kultura.

Ang mga lumahok ay binigyan ng pagkakataong magtanong at ibahagi ang kanilang mga alalahanin sa mga kinatawan ng ahensiya. Tinalakay ng mga dumalo sa mga sesyon sa pakikinig ang mga hamong kinakaharap ng mga manggagawang AAPI sa pag-uulat at pagsisikap na matugunan ang mga problema sa paggawa at trabaho, kabilang ang:

1. Kawalan ng tiwala at pagdududa na ang gobyerno ay magbibigay ng tulong na nasa oras at may kaugnayan sa kultura (kabilang ang mga mapagkukunan para sa wika) upang tugunan ang mga alalahanin;
2. Pagkakabukod at limitadong mga mapipiling trabaho, minsan dahil sa katayuan sa imigrasyon;
3. Kahinaan at pagsasamantala dahil sa kawalan ng impormasyon tungkol sa kanilang mga karapatan;
4. Takot na gantihan ng kanilang mga employer, gayundin ng kanilang mga komunidad; at
5. Hirap sa paghahain ng mga reklamo, kabilang ang: hindi alam kung saang ahensiya pupunta, magulong mga tagubilin at matagal na paghihintay para malutas ng mga ahensiya ng pamahalaan ang mga reklamo.

**Mga Rekomendasyon at mga Pangako**

Kasunod ng mga sesyon sa pakikinig sa Vulnerable Workers Project, sinimulang ipatupad ng mga ahensiya ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1) Pagpapalawak ng daan sa wika upang tulungan ang mga nagrereklamo sa pag-unawa at paggamit ng kanilang mga karapatan sa pamahalaan tungkol sa trabaho at paggawa;
2) Pagpapalakas sa “Walang Maling Pinto” na pamamaraan sa paghahain ng mga reklamo sa trabaho at paggawa at pagtiyak sa mga wastong pagtukoy sa mga bagay na may kaugnayan sa trabaho at paggawa;
3) Pagpapahusay sa pakikipag-ugnayan sa mga manggagawa tungkol sa kalagayan ng kanilang mga reklamo;
4) Malinaw na pagsasabi sa mga mahihinang manggagawa na ang kanilang mga karapatan sa trabaho at paggawa ay pinapangalagaan anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon;
5) Pagsasalin ng U at T visa, kalagayang ipinagpaliban at impormasyon sa parole sa mga wikang AAPI;
6) Pagdaragdag ng pakikipagtulungan sa mga ahensiya ng estado at ng lungsod;
7) Mas epektibong pamamahagi ng impormasyon at mga mapagkukunan sa mga karapatan ng mga manggagawa na nakatuon sa mga komunidad ng AAPI; at
8) Nangangakong ipagpapatuloy ang paglahok, pag-abot at pag-follow up ng ahensiya ng pamahalaan sa mga komunidad ng AAPI tungkol sa mga isyu sa trabaho at paggawa.

Ang WHIAAPI at ang mga kaanib sa Vulnerable Workers Project ay gumagawa ng mga partikular na pagkilos upang maipatupad ang mga rekomendasyon. Binabalak ng Interagency Vulnerable Workers Project na isama sa mga operasyon ng bawat ahensiya ng pamahalaan ang

mga aral na natutunan, pinakamainam na mga kasanayan at mga bagong inisiyatiba upang mas mahusay na mapaglingkuran ang mga komunidad ng AAPI sa buong bansa.

Upang makita ang buong 17-pahinang ulat sa Ingles, pakitingnan ang:

http://www.dol.gov/_sec/media/reports/20150514-AAPI.pdf